
2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan –Modyul 4: Solving Poblems Involving Length



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Solving Problems Involving Length**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Hylord P. Guzman |
| **Editor:** | Milagros F. Bautista PhD |
| **Tagasuri:** | Emelita DT. Angara |
| **Tagaguhit:** | Hylord P. Guzman |
| **Tagalapat:** | Hylord P. Guzman |
| **Tagapamahala:** | |
| | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Erleo T. Villaros PhD |
| | Estrella D. Neri |
| | Milagros F. Bautista PhD |

**<u>Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon III</u>**
Office Address: Matalino St. Diosdado Macapagal Government Center
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580
Email Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Solving Problems Involving Length

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Solving Problems Involving Length.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Solving Problems Involving Length.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain na makatutulong sa iyo upang matutunan mo ang paglutas sa mga sitwasyon o **word problems involving length.**


Ang mga gawain sa modyul na ito ay magtuturo din ng mga hakbang na dapat mong malaman, maunawaan at sundin upang masagutan ang mga sitwasyon nang tama.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

- solves routine and non-routine probems involving length. **(M2ME-IVc-27)**

## *Subukin*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.




| |
|---|
| Ang linyang iginuhit ni Nicole ay 15 sentimetro (**centimeters**) (**cm**) at si Jallen naman ay 9 cm. Ilan ang kabuuang sukat ng mga linyang kanilang iginuhit? |

1. Ilan ang sukat ng linyang iginuhit ni Nicole?
   A. 9 cm
   B. 15 cm
   C. 9 cm at 15 cm
   D. 24 cm

2. Ilan ang sukat ng linyang iginuhit ni Jallen?
   A. 9 cm
   B. 15 cm
   C. 9 cm at 15 cm
   D. 24 cm
3. Ano ang tinatanong sa sitwasyon?
   A. Ang sukat ng linyang iginuhit ni Jallen.
   B. Ang sukat ng linyang iginuhit ni Nicole.
   C. Ang kabuuang sukat ng linyang kanilang iginuhit.
   D. Ang lugar na kung saan nila iginuhit ang mga linya.
4. Upang malaman ang kabuuang sukat ng mga linyang kanilang iginuhit ano ang nararapat na gamiting operasyon o paraan?
   A. Pagdaragdag
   B. Pagbabawas
   C. Paghahati
   D. Pagdaragdag at pagbabawas
5. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 6 cm
   B. 9 cm
   C. 15 cm
   D. 24 cm

| Aralin 1 | Solving Problems Involving Length |
|---|---|


Nahirapan ka ba sa panimulang pagtataya? Pamilyar ka ba sa mga hakbang o paraan kung paano malulutas ang bawat sitwasyon? Sa modyul na ito malalaman mo at mauunawaan mo ang tamang gawi sa paglutas ng mga sitwasyon.



## *Balikan*

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

A. Si Mang Ed ay pumutol ng pisi na may sukat na 12 metro **(meters)** (**m**) at si Mang Ador naman ay 13 m. Gaano kahaba ang mga pisi kung pagdurugtungin sa magkabilang dulo?



1. Ilan ang sukat ng pisi na pinutol ni Mang Ed?

   A. 12 m B. 13 m C. 14 m D. 15 m

2. Ilan ang sukat ng pisi na pinutol ni Mang Ador?

   A. 12 m B. 13 m C. 14 m D. 15 m

3. Gaano kahaba ang pisi nina Mang Ed at Mang Ador kung pagdurugtungin sa magkabilang dulo?

   A. 24 m B. 25 m C. 26 m D. 27 m

B. Si Manang Fe ay nangangailangan ng 15 m na tela para sa tatahiing bistida ng anak. Mayroon na siyang 4 m. Ilang metro pa ang kailangang bilihin upang matahi ang bistida ng anak?



1. Ilang metro ng tela ang kailangan ni Manang Fe para sa tatahiing bistida ng anak?

   A. 12 m B. 13 m C. 14 m D. 15 m

2. Ilang metro ng tela na ang mayroon si Manang Fe?

   A. 2 m B. 3 m C. 4 m D. 5 m

3. Kung si Manang Fe nangangailangan ng 15 metro ng tela at mayroon na siyang 4 m nito, Ilang metro pa ng tela ang kanyang kailangan upang matapos ang bistida ng anak?

   A. 12 m B. 11 m C. 10 m D. 9 m

## Tuklasin

Ang paglutas sa sitwasyon ay mahalagang bagay na nararapat lamang na maunawaan at matutuhan ng bawat isa. Mayroong mga hakbang na dapat malaman, maunawaan at sundin upang masagutan ang mga ito nang tama.

Halimbawa:



Umaga ng Sabado sumama si Chito sa kanyang Nanay Ana upang mamili sa palengke. Ang layo ng palengke mula sa kanilang bahay ay 150 metro (m). Ilang metro pa ang kailangan nilang lakarin kung sila ay naka 85 m na nilakad?

- Una, kailangang alamin muna kung ano ang tinatanong sa sitwasyon.
  **Ilang metro pa ang kailangan nilang lakarin kung sila ay naka 85 m na nilakad?**


- Pangalawa, isulat nang panibago ang tanong sa pasagot na pahayag na kung saan maglaan ng patlang para sa sagot.

  **Ang kailangan pang lakarin nina Chito at Nanay Ana ay__________, upang makarating sa palengke.**

- Pangatlo, muling ihayag o isulat ang sitwasyon na nakatuon sa mahalagang detalye na makatutulong upang ito ay mabigyan ng kasagutan.

  **Ilang metro pa ang kailangang lakarin mula 85 m hanggang 150 m?**

<u>Bahay nila Chito</u> <u>Palengke</u>




- Pang-apat, tukuyin kung anong paraan o operasyon ang nararapat gamitin (pagdadagdag ba o pagbabawas). Pagkatapos isulat ang **number sentence**.

  150 – 85 = <u>N</u>

- Panghuli, tuusin na ang sitwasyon at isulat ang kumpletong sagot.

  150 m – 85 m= 65 m

  **Ang kailangan pang lakarin nina Chito at Nanay Ana ay 65 m upang makarating sa palengke.**

# Suriin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

A. Si Kirby ay naglalakad patungo sa tahanan ng kaibigang si Erick. Nilakad na niya ang 50 metro, kung ang bahay ni Erick ay 185 m mula sa tahanan nila, ilang metro pa ang kaniyang lalakarin?



1. Ano ang tinatanong sa sitwasyon?
   A. Ilang metro ang nilakad na ni Kirby?
   B. Ilang metro ang nilakad na ni Erick?
   C. Ilang metro ang layo ng tahanan ni Erick?
   D. Ilang metro ang dapat pang lakarin ni Kirby?
2. Anong operasyon ang dapat na gamitin sa pagtutuos?
   A. Pagdaragdag
   B. Pagbabawas
   C. Paghahati
   D. Pagdaragdag at pagbabawas

3. Ano ang kumpletong sagot?

   A. 165 m B. 155 m C. 145 m D. 135 m

B. Ang parisukat na lote na nabili ni Mang Dan ay may sukat na 45 m bawat gilid. Ilang metro ang sukat ng kanyang nabiling lote?

1. Ano ang tinatanong sa sitwasyon?
   A. Ano ang hugis ng loteng nabili ni Mang Dan?
   B. Ilang metro ang sukat ng dalawang gilid ng lote?
   C. Ilan ang sukat ng bawat gilid ng lote ni Mang Dan?
   D. Ilang metro ang sukat ng nabiling lote ni Mang Dan?
2. Anong operasyon ang dapat na gamitin sa pagtutuos?
   A. Paghahati
   B. Pagbabawas
   C. Pagdaragdag
   D. Pagdaragdag at pagbabawas
3. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 180 m
   B. 170 m
   C. 160 m
   D. 150 m

## Pagyamanin

Tingnan natin ngayon kung naunawaan mo ang tinalakay sa itaas. Subukin mong sagutin ang sumusunod na gawain.

A. Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.




Linggo ng umaga, nag-ensayong tumakbo si Don. Tinakbo niya ang **oval** na may sukat na 235 m ng dalawang beses. Ilang metro ang kanyang tinakbo?

1. Ano ang tinatanong sa sitwasyon?
   A. Ilang metro ang sukat ng oval?
   B. Ilang metro ang tinakbo ni Don?
   C. Ilang beses tumakbo si Don sa oval?
   D. Ilang beses dapat tumakbo si Don sa oval?
2. Ilan ang sukat ng oval na tinakbo ni Don?
   A. 235 m
   B. 236 m
   C. 237 m
   D. 238 m
3. Anong operasyon ang dapat na gamitin?
   A. Pagdaragdag
   B. Pagbabawas
   C. Paghahati
   D. Pagdaragdag at pagbabawas

4. Alin ang angkop na paraan ng pagtutuos o ang number sentence?
   A. 235 m + 235 m =N
   B. 235 m – N = 235 m
   C. 235 m – 235 m =N
   D. 235 m + 235 m + 235 m =N
5. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 235 m ang tinakbo ni Don.
   B. 570 m ang tinakbo ni Don.
   C. 700 m ang tinakbo ni Don.
   D. 935 m ang tinakbo ni Don.

B. Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Kailangang pinturahan ni Alexis ang pader na may habang 25 m. Kung 17 m na ang kanyang napinturahan, ilang metro pa ang dapat niyang pinturahan?



1. Ano ang tinatanong sa sitwasyon?
   A. Ilang metro ang sukat ng pader?
   B. Ilang metro ang pininturahan ni Alexis?
   C. Ilang metro na ang napinturahan ni Alexis?
   D. Ilang metro pa ang dapat pinturahan ni Alexis?

2. Ilan ang sukat ng pader na natapos ng pinturahan ni Alexis?
   A. 15 m
   B. 17 m
   C. 22 m
   D. 25 m
3. Anong operasyon ang dapat na gamitin?
   A. Pagdaragdag
   B. Pagbabawas
   C. Paghahati
   D. Pagdaragdag at pagbabawas
4. Alin ang angkop na paraan ng pagtutuos sa sitwasyon o ang number sentence?
   A. 25 m + 17 m = N
   B. 25 m – 17 m = N
   C. 25 m + 25 m = N
   D. 17 m – 17 m = N
5. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 8 m pa ang dapat pinturahan ni Alexis.
   B. 10 m pa ang dapat pinturahan ni Alexis.
   C. 12 m pa ang dapat pinturahan ni Alexis.
   D. 14 m pa ang dapat pinturahan ni Alexis.

C. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Ang magkaibigang Rovic at Luigi ay naglalaro ng "Pitik-Bulag". Ang kakampi ng mananalo sa bawat labanan ay magkakaroon ng pagkakataong humakbang ng 80 cm papalayo sa kanilang puwesto o base.

1. Ilang sentimetro na ang nahakbang ng kakampi ni Rovic kung siya ay nanalo na ng 5 beses?
   A. 180 cm
   B. 240 cm
   C. 320 cm
   D. 400 cm
2. Ilang laban ang dapat ipanalo ni Luigi kung nais niyang makarating ang kanyang kakampi sa 640 cm?
   A. 8 beses
   B. 7 beses
   C. 6 beses
   D. 5 beses
3. Kung si Rovic ay nanalo ng 5 beses na katumbas ng 400 cm at si Luigi ay 6 na beses na may katumbas na 480 cm, sino ang lamang sa kanila? Ilang sentimetro ang lamang ng panalo?
   A. Si Luigi na may 80 cm ang lamang.
   B. Si Rovic na may 80 cm ang lamang.
   C. Si Luigi na may 90 cm ang lamang.
   D. Si Rovic na may 90 cm ang lamang.

D. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Sina Marjorie, Edelyn at Rogelyn ay kailangang matapos ang paglilinis sa silid na may kabuuang sukat na18 m. Nalinis na ni Marjorie ang 7m na bahagi at 6m naman si Edelyn. Ilang metro na lamang ang kailangang linisin ni Rogelyn?

   A. 5 m B. 6 m C. 7 m D. 8 cm

2. Si Arsen ay may taas na 165 sentimetro. Si Frederick ay may taas naman na 188 sentimetro. Ilang sentimetro ang lamang ni Frederick kay Arsen?
   A. 26 cm B. 25 cm C. 24 cm D. 23 cm
3. Si Ginoong Guzman ay nangangailangan ng 45 metro ng lubid para sa proyekto na kanyang gagawin. Binigyan siya ni Ginang Dullas ng 15 metro at ni Ginoong Delos Santos ng 13 metro. Ilan pang metro ng lubid ang kaniyang kailangan para sa proyekto?
   A. 15 m B. 16 m C. 17 m D. 18 m

## *Isaisip*

Panuto: Lagyan ng angkop na titik (A-E) batay sa tamang pagkakasunud-sunod ng mga hakbang sa paglutas ng sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

______ 1. Sagutin na ang sitwasyon (word problem) at isulat ang sagot.

______ 2. Kailangang alamin muna kung ano ang tinatanong sa sitwasyon (word problem).

______ 3. Isulat nang panibago ang tanong sa pasagot na pahayag na kung saan maglaan ng patlang para sa sagot.

______ 4. Tukuyin kung anong paraan o operasyon ang nararapat gamitin (pagdadagdag ba o pagbabawas). Pagkatapos isulat ang number sentence.

______ 5. Isulat muli ang sitwasyon (word problem) na nakatuon sa mahalagang detalye na makakatulong upang ito ay mabigyan ng kasagutan.

## *Isagawa*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.


1. Ang layo ng nilangoy ni Nickson ay 25 m, kung siya ay babalik ng 4 na beses, gaano na kalayo ang kanyang malalangoy?

   A. 175 m B. 150 m C. 125 m D. 100 m

2. Si CJ ay may kinukulayang papel na may kabuuang sukat na 97cm, kung nakulayan na niya ang 75 cm na bahagi, ilan pa ang kailangan niyang kulayan?

   A. 22 cm B. 24 cm C. 26 cm D. 28 cm

3. Ang kabuuang sukat ng tatsulok ay 150 cm, kung ang unang gilid ay may sukat na 60 cm at ang ikalawa ay 50 cm, ilan ang sukat ng ikatlo?




   A. 20 cm B. 30 cm C. 40 cm D. 50cm

# *Tayahin*

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

A. Sa bawat 30 cm na haba ng lubid, pinuputol at kinukuha ni Reginal ang 12 cm. Kung mayroong 10 piraso ng 30 cm na lubid, ilang metro ang makukuha ni Reginal? Ilang sentimetro ng lubid ang matitira?



30 cm (10 piraso)




12 cm (10 piraso)

1. Ano ang mga tinatanong sa sitwasyon?
   A. Ilang metro ang lubid?
   B. Ilang piraso ang lubid na puputulan ni Reginal?
   C. Ilang sentimetro ng lubid ang makukuha ni Reginal at ilang sentimetro ang matitira?
   D. Ilang sentimetro ng ang matitira at ilang piraso ng lubid ang makukuha ni Reginal?
2. Ilang sentimetro ang kailangang putulin ni Reginal mula sa 30 cm na lubid?
   A. 10 cm
   B. 12 cm
   C. 14 cm
   D. 16 cm

3. Ilang sentimetro ang sukat ng lubid na puputulan ni Reginal?
   A. 50 cm
   B. 40 cm
   C. 30 cm
   D. 20 cm
4. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 120 cm ang makukuha ni Reginal at 180 cm ang matitira.
   B. 110 cm ang makukuha ni Reginal at 170 cm ang matitira.
   C. 100 cm ang makukuha ni Reginal at 160 cm ang matitira.
   D. 90 cm ang makukuha ni Reginal at 150 cm ang matitira.

B. Ang katumbas ng bawat gitling ( ▬ ) ay 15 m.




1. Ilang metro ang katumbas ng bawat gitling?
   A. 15 m B. 20 m C. 20 m D. 25 m
2. Ilang metro ang layo ng hospital sa paaralan?
   A. 105 m B. 110 m C. 115 m D. 120 m

3. Kung ikaw ay nasa paaralan at nagtungo ka sa hospital at muling bumalik sa paaralan, ilang metro ang iyong nilakad?

   A. 190 m  B. 200 m  C. 210 m  D. 220 m

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

A. Nagtungo si Jedy sa tindahan upang bumili ng pisi para sa kaniyang saranggola. Kailangan niya ng 150 m subalit ang natitira na lamang sa tindahan ay 85 m. Ilang metro pa ng pisi ang kaniyang kailangan?

1. Ano ang tinatanong sa sitwasyon?
   A. Sino ang nagtungo sa tindahan?
   B. Ilang metro ng pisi ang kailangan ni Jedy?
   C. Ilang metro ang natitirang pisi sa tindahan?
   D. Ilang metro pa ng pisi ang kailangan ni Jedy?
2. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 65 m
   B. 70 m
   C. 75 m
   D. 80 m

B. Kung ang 4 na bahagi ng lote na binakuran ng alambre ay may sukat na 25 m, 15 m, 20 m at 15 m, ilang metro ng alambre ang ginamit?

1. Anong operasyon ang dapat gamitin?
   A. Pagdaragdag
   B. Pagbabawas
   C. Paghahati
   D. Pagdaragdag at pagbabawas
2. Alin ang angkop na number sentence?
   A. 25 m + 15 m + 25 m + 15 m = N
   B. 25 m + 15 m + 20 m + 15 m = N
   C. 25 m + 25 m + 20 m + 15 m = N
   D. 25 m + 15 m + 20 m + 20 m = N
3. Ano ang kumpletong sagot?
   A. 78 m ang alambreng ginamit.
   B. 77 m ang alambreng ginamit.
   C. 76 m ang alambreng ginamit.
   D. 75 m ang alambreng ginamit.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. A
3. C
4. A

**Balikan**

A.
1. A
2. B
3. B

B.
1. D
2. C
3. B

**Suriin**

A. .
1. D
2. B
3. D

B. .
1. D
2. C
3. A

**Pagyamanin**

| A. | B. | C. | D. |
|---|---|---|---|
| 1. B | 1. D | 1. D | 1. A |
| 2. A | 2. B | 2. A | 2. D |
| 3. A | 3. B | 3. A | 3. C |
| 4. A | 4. B | | |
| 5. B | 5. A | | |

**Isaisip**

1. E
2. A
3. B
4. D
5. BC

**Isagawa**

1. D
2. A
3. C

**Tayahin**

A. 1. C
2. B
3. C
4. A

B. 1. A
2. A
3. C

**Karagdagang Gawain**

A. 1. D
2. A

B. 1. A
2. B
3. D

# *Sanggunian*


Alvarez, Catherine E., Ellenbelle S. Bibi, Loreta I. Cepriaso, Simon L. Chua, at Roberto J. Degolacion. 2017. *Phoenix Math for the 21st Century Learners Grade 2*. Second Edition. Phoenix Publishing House, Inc.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Teacher's Guide Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Gabay Pangkurikulum ng Matematika sa Baitang 2*. 2016. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes/Suggested LRs*. n.d. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph